

Tuon sa Parikala: Isang Introduksiyon

Joselito D. Delos Reyes

Taglay ng antolohiya ang panitikang nasusulat sa ating sariling wikang pumapaksa sa atin, nilalaman ang kasalukuyang tayo, ngunit habang nakatuon sa mundo, ay nagmumula naman sa ating pinakamalalalim na gunam-gunam.

Sa dulang *Sigbin* ni Chuckberry Pascual halimbawa, na may tagpo sa isang espasyo ng mobilidad na kumakatawan sa urban, ang apartment, inilalahad ang relasyong temporal bilang ugnay—o maaaring sipatin bilang kawalan nito—sa magkaibigang umiinog sa isang malaon nang paksang tigib ng lagim. Ayon sa panauhing editor na namili ng mga lahok para sa antolohiya, “Mainam [ang] paggamit ng espasyo (paupahan) at komentaryo sa kasarian at pag-ibig kaugnay ng pagka-aswang at misteryo ng mga relasyon sa mga di totoong kakilala.”

Naroon ang nakamishanan nating kilabot, ngunit ang mahalaga, naroon pa rin ang tungkuling ephemeral ng mabubuting panitikan, ang lugod. Tandaan nating ang pangunahing layong ito ay siyang pintong nagpapapasok sa “bagong” mambabasa ng panitikan buhat sa popular na babahing taglay ng Internet.

Nasa naratibong romantiko’t sentimental ang gilas ng kuwentong “Kuwerdas” ni Nonon Villaruz Carandang. Mga paraang maikokonsiderang malaon nang nananahan sa ating panitikan at kultura. Kapangyarihan ng akdang tangayin tayo sa mga lugar na mananatiling estranghero sa atin kung hindi nga lamang sa pagpapala ng manunulat na tulad ni Carandang. Ngunit ang lubhang pamilyar ay sa damdaming kipkip ng tauhan. Sinasabi pa ng panauhing editor, “May aliw sa pagbabahagi ng mga dalumat

kaugnay ng musika, gitara at tagpuan, kahit pa nga ba lubhang romantiko at tigib ng nostalgia ang paksa at himig.”

Samantala, “Ang Lihim ng Tula: Isang Ehersisyo” ni Louie Jon A. Sanchez ay mabuting pagsimulan ng mga nagnanais pang magsalin ng mga kathang pampanitikan. Narito ang sanaysay na dumadalumat sa isang hindi mapasubaliang pangangailangan ng bawat mambabasa, ang salin ng anumang babasahin lalong-lalo na ang tula, upang iparamdam sa mambabasa ang sidhi ng damdamin at talinong dapat taglayin upang maisalin hindi lamang ang mga salita ngunit maging, at ito ang higit na mahalaga, ang emosyong taglay ng teksto. Dangan nga lamang, ayon sa panauhing editor, na ang sanaysay ay “maaaring maging kontrobersiyal ang ilang pasaring sa ilang tendensiya ng pagtula ngayon.” Ngunit ano ba? Hindi ba’t ang mismong pagharap sa blangkong monitor upang punan ang puting espasyo ay isa nang kontrobersiya para sa sarili, para sa lipunan?

Kaugnay nito ang lagi nang taos na pagsasaad ng damdaming kinakatawan ng kawalang-buhay ng mga titik, ng mga salita. Nasa paghihilera ng ideya ang panggigilalas natin na ipinadadaloy ng makata. Ng isang mabuting makatang may sensibilidad sa paglalarawan ng kapangyarihang mahirap tumbasan ng salita.

Sa mga tula ni Allan Popa lagi nang matutunghayan ang kapangyarihang ito. Sa tulang tuluyan na “Isla Kapung-awan,” ipakikilala tayo sa lunan na “tuyo na ang mga balon. Malaon nang hindi umuulan. Tigang na ang mga taniman.” Na samantalang naliligid ng tubig, nasa parikala ng uhaw ang isla. Nauuhaw ang isla, isang kolektibang naglalayo sa indibiwal na nilalang sa lunang iyon upang maramdaman natin ang pagnanais na makamit ang titighaw sa sari-sariling pagkauhaw.

Ganito rin halos ang intensidad ng paglalarawan ni Popa sa “Pini-lakang Tabing.” Narito ang isang madilim na lunang kumakatawan dapat sa lugod na dulot ng panonood ng pelikula ngunit sa kamay ng isang kapangyarihang makata, nagiging isang lunan ng transpormasyon ang bawat tagpo: “Laging nasa likod ng kortina / ang pinagmumulan / ng liwanag // Laging may tabing: / mga dahon, / ulap // Na tila sinasabi // Huwag mo itong titigan / kung ayaw mong masilaw, / mabulag.”

Ang tiim ng mga salita ay nasa hindi maihayag na damdamin. Ngunit alam nating naroon, nakapagitan sa mga taludtod. Kung kaya nga bilang tumutunghay sa tula, pinupunan natin ang mga espasyo ng mga salita. Tinu-

tugunan natin ang hinihinging damdamin upang damahin nang lubos ang mga tula ni Popa sa antolohiyang ito.

Ito rin mismo ang inihahatid sa ating tagpo ng sanaysay ni Eli Rueda Guieb III na “Hagkis ng hangin sa bundok na bato, Igkas ng panganib sa mga sungay sa dagat.”

Pumapailanlang sa ating ang detalye ng lunan upang kamtin ang nais ipahiwatig sa atin ng may-akda. Tila ba ang pagtunghay mismo ay mensahe nang dapat tayong sumama, pumaloob, at makipamuhay sa islang “nang muli ko [itong] dalawin, ay maganda ang panahon, pero malakas ang alon... Kung alin ang harap at likod ng isla ay hindi naman talaga tiyak. Nakasanayan na lang tawaging harap ng isla ang bahaging may mahaba at manipis na hilata ng mapuputing buhangin.”

Nananawagan ng kapahingahan ang isla. Hindi man ito sabihin sa atin ni Guieb, ang bisa ng akda ay nasa pagpapahiwatig. Nasa danas kahit pa ang mambabasa ay lubhang malayo, kahit nasa temporal na mundo ng paupahan sa polusyon ng Kamaynilaan, isang lugar na tigmak at mapaghanap. Isang lugar na hindi matatapos ilarawan ng mga manunulat na may kakayahang hingahan ng buhay ang tila pangyayaring estadistika na lamang ang taguri.

Dito papaloob ang akda ni Mark Angeles. Sa ibang antolohiya marahil ay lubha nang karaniwan ang danas ng lungsod. Ngunit muli itong sinisipat ni Angeles sa kaniyang akdang “Daga.” Sa kuwento, mahihiwatigan, nasaan ang hanggahan ng totoo at malikhain? Ang tunay sa hindi? Hindi ba’t ang buhay ay tunay na kagila-gilalas at nakaririmarim? Na sa kabila ng pagkamangha sa uri ng pagpanaw, muli’t muli tayong gugulantangin ng mga ulat na higit na nakamamangha?

Ilang akda ang naririto. Ngunit, tulad ng mabisang pagkakabuklod, ang iilang akdang ito ay may sapat nang kapangyarihan upang muli tayong maging destiyero sa ating silid upang pagnilayan at suriin ang buhay. O kawalan ng buhay sa ating araw-araw. At mabuti ito.

14 Nobyembre 2014
Lucban, Lalawigan ng Quezon